

1

“Excuse me!” sabi ni Addy sa mga taong nakatambay sa gilid ng dance floor.

Inilagay niya ang ilang bote ng *Heineken* beers sa mesa na napapagitnaan ng isang grupo na sakop ng area na kailangan niyang pagsilbihan sa *Scion Bar*.

Singles’ night, iyon ang isa sa mga events na ina-anticipate ng mga pasahero ng *The Aegean Isle* cruise ship. Iyon ang isang magandang pagkakataon para makapag-mix and mingle ang mga taong walang karelasyon nang sumakay sa barko.

At dahil singles’ cruise ang klase ng voyage nila, halos lahat yata ng pasahero ay nagpunta sa bar sa mga sandaling iyon.

It was one of her busiest night. Tumatagaktak na ang pawis niya sa buong katawan dahil sa kaiikot sa bar, para kumuha ng orders, para maghatid ng orders at higit sa lahat, para sundin ang lahat ng utos ng mga pasahero.

Isa siyang bar waitress sa nasabing cruise ship, and like in every other service business ay kailangan niyang pagsilbihan nang may ngiti sa labi ang mga customers kahit pagod o naiirita na siya.

Hindi mahulugang-karayom ang bar sa gabing iyon. Ang simpleng pagpunta lang niya sa bar counter mula sa dance floor

ay inaabot ng napakahabang minuto.

“Hey, that was rude!” tili niya nang maramdaman niyang may pumisil sa kanyang puwitan.

Dahil sa dami ng tao ay hindi niya alam kung sino ang gumawa niyon. Hindi naman niya maaaring komprontahin ang mga customers sapagkat kalimitan sa mga ito ay may alak na sa sistema.

Minsan na-o-offend na siya kapag nababastos na ang pagkababae niya. Pero kalimitan mga lasing ang gumagawa niyon, kaya pinalalagpas na niya.

Wala siyang choice kundi ipagpatuloy ang pagbalik sa counter dahil mayroon pang pending orders na naghihintay na mai-deliver niya sa tamang grupo at tamang table.

Finally! sabi niya sa sarili nang marating niya ang bar counter. Puno rin iyon ng tao, pero mas chill ang ambiance.

Sinipat niya ang lugar. Busy rin ang mga bartenders, pero mas relaxed ang mga ito sa ginagawa dahil nakikipagkuwentuhan pa ang mga ito sa mga customers na nakaupo sa stools.

Hinanap ng kanyang mga mata ang kaibigan na si Lia para rito na niya hingin ang mga orders, ngunit hindi niya ito nakita. Sakto namang narinig niya ang malakas na halakhak ni Brian, kaya napalingon siya rito.

Bukod sa mga nagpapawis na manyakis at lasenggo, si Brian

ang isa sa dahilan ng kanyang pagsimangot.

Ito ang isa sa pinakahuling tao na gusto niyang kausapin. Pero mukhang wala na siyang choice kundi harapin ito.

Masyadong busy ang gabing iyon, maraming trabaho, maraming gagawin. Subalit may kapalit na tip ang mabilis niyang serbisyo. Labag man sa kanyang loob ay kailangan niya itong kausapin para ipagawa ang mga orders.

Iisipin na lamang niya na kapalit ng pakikipag-usap dito ay malaking tip na naghihintay sa kanya.

Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya bago harapin ang lalaki.

“Excuse me, Brian,” tawag niya rito.

Mula sa babaeng kausap ay lumingon ito sa kanya.

“Need something, Nolasco?” kaswal nitong tanong.

“One *Alabama Slammer*, two *Rusty Nail* and one *Pearl Harbor*.”

Habang sinasabi niya ang mga orders ay nakatingin lamang ito sa kanya. Sigurado siya nag-mental note na kaagad ito kung ano ang gagawin, subalit hindi ito nagmadali sa pagkilos. Sobrang relaxed ang dating nito na ikinainis niya.

Heto siya at hindi magkandaugaga sa pagseserbisyo sa mga customers at manaka-nakang nababastos samantalang ito ay

nagagawa pang maging chill sa pagkilos.

Bago nito harapin ang shaker nito para gawin ang mga orders niya ay muli nitong binalingan ang customer na kausap. Nakipagtawanan ito pagkatapos ay nagsabing, “Excuse me for a moment, Gorgeous, duty calls.”

Muntik na siyang masuka habang pinanonood si Brian na nakikipagharutan. Ikinaiinis niya kapag nagpapa-cute ito. It always worked on other girls. Actually, it used to work on her before, pero tinigilan na niya ang pagsu-swoon sa makamandag na charm nito.

In her mind, she was trying to deny how hot he was. Tinatawag nga niyang walang taste at sira-ulo ang mga babaeng nakikipag-flirt dito.

“There you are,” he said as he lightly slammed one highball and three lowball glasses in front of her that were her orders.

Isa-isa niyang inilagay sa tray ang mga baso. Binilisan niya ang kilos para kaagad na makalayo rito.

Ngunit tila taliwas iyon sa gustong mangyari ng binata. Ipinatong nito ang dalawang siko sa counter na wari’y gustong makipagkuwentuhan.

“Wasted ka na, Nolasco,” puna nito. “Mukhang sinusulit mo ang gabing ito para sa maka-quota sa gratuities at tips.”

Alam niyang nagbibiro ito, ngunit hindi niya maiwasan ang

pagkapikon kaya hindi niya napigilan ang matabil niyang dila para sagutin ito. “Ikaw, naka-quota ka na ba sa mga babae mo?”

Bahagya itong nasorpresa sa reaksiyon niya, ngunit mabilis din nitong sinuklian ng isang ngiti ang sinabi niya.

“Kelan ka pa naging concerned sa mga babaeng na-i-involve sa akin?”

Inirapan niya ito. “Dream on, Brian. I couldn’t care less about you and your girls.”

Napaisip ito, mayamaya ay marahang tumango. “Come to think of it, Addy. You never really cared, did you?”

Saglit silang nagtagisan ng tingin. Inakala niya na talagang sumama ang loob nito, ngunit bigla ulit itong ngumiti sa kanya.

“Pero nakaraan na ’yun, di ba, Nolasco? Hindi na natin kailangang balik-balikan.”

Isang irap ang isinagot niya rito pagkatapos ay kinuha niya ang tray upang ipagpatuloy na lang ang trabaho. Tumatakbo ang oras at ayaw niyang sayangin iyon kay Brian.

“Damn!” mura ni Addy sa sarili matapos ang safety drills ng mga crews sa barko.

Normal na mag-participate sila sa weekly safety drills o muster drills, ipakita sa mga pasahero kung ano ang dapat gawin

sakaling may nakaakmang trahedya sa barko. Like any other ship, inuuna nila ang safety ng mga pasahero bago ang sarili nila.

Sa ilang taon na ipinagtrabaho niya sa cruise ships ay hindi pa naman sila nagkaroon ng life-threatening na trahedya. There were some storms here and there, but nothing tragic. Gayunpaman, sinisiguro nilang handa ang lahat ng crew at pasahero kung kakailanganing mag-abandon ship.

Pero sa performance niya sa drill kanina, sigurado siyang malulunod ang mga pasahero na sa kanya nakatingin.

Paano, na-di-distract siya kay Brian. Malapit lang ito sa kanya, at hindi niya maiwasang tingnan ito habang ipinapakita nila sa mga pasahero kung paano sumampa sa lifeboat kapag kinailangan nilang iwan ang barko.

“May problema ba?” tanong ni Lia na kasabay niya sa paglalakad. “Napansin kong distracted ka sa drill.”

“Halatang-halata ba?” kinakabahang tanong niya. Hindi niya mapapatawad si Brian kung ito ang magiging dahilan para mapatawag siya ng administrative personnel dahil sa mga kapalpakan niya.

Okay, walang kinalaman ang lalaki sa mga munting pagkakamali niya, pero kung hindi niya ito kasama sa grupo, malamang focused siya sa ginagawa.

“Sinubukan kong takpan ka,” sagot ni Lia. “But seeing

I'm a smurf and you're a giant, hindi ko sigurado kung naging successful ako.”

Nakasimangot siya nang ipagpatuloy ang paglalakad nila patungo sa crew-only staircase. Maingay ang hagdanan dahil sabay-sabay sila ng mga kasama niya sa trabaho na babalik sa crew deck o sa mga stations ng mga ito.

Di-sinasadyang napabaling ang tingin niya kay Brian na ilang pulgada lang ang layo sa kanya. Nakikipagtawanan ito sa mga kausap. Lalo siyang nairita at sumimangot. Para kasing wala itong kasalanan na ginawa. Okay, again, wala naman talaga itong kasalanan, pero maigi na sisihin niya ito kaysa sa sarili.

“Alam mo, Addy, mas magiging masaya ang buhay mo dito kung magiging civil ka sa kanya,” ani Lia. Wala itong pangalan na binanggit, pero alam niyang si Brian ang tinutukoy nito.

“Civil kami sa isa't isa,” sabi niya.

“Alam mo ang ibig kong sabihin.”

Itinikom na lamang niya ang kanyang bibig at nagpatuloy sa paglalakad. Naiintindihan niya ang gustong mangyari ni Lia. Hindi ito nakikialam sa desisyon niya, ibinibigay lang nito ang sariling opinion.

Subalit hindi madaling maging chummy-chummy sila ni Brian. Hindi ganoon kadali para sa kanya na maging friendly rito dahil... basta maraming dahilan kung bakit hindi sila puwedeng

maging magkaibigan.

Brian was a funny guy and easy to be with. Mahilig itong magbiro at mangulit kaya nga maraming tao na gusto itong kasama. Pero kapag siya ang binibiro nito ay hindi niya maiwasang seryosohin iyon at gawing personal.

“Brian is a great person and you know that,” dagdag pa ni Lia.

Hindi siya nag-react dahil ayaw niyang ma-offend ang kaibigan sa maaari niyang sabihin patungkol sa binata.

They simply had this intricate relationship. Kaibigan niya si Lia, kaaway niya si Brian. Magkaibigan ang dalawa. To put it simply, parating nasa gitna si Lia sa bawat pag-aaway nila ng binata.

Although, mas matagal silang magkakilala ni Lia dahil kindergarten days pa lang ay kalaro na niya ito at kapitbahay sa dating village na tinirahan nila. Samantalang si Brian ay naging schoolmate nila noong high school.

One year ahead sa kanila ang lalaki pero kagrupo ito ni Lia sa debate club. Bukod doon ay mayroon pang common ground ang dalawa. Parehong mahilig mag-mix ng drinks ang mga ito at pareho rin naging part-time bartenders sa *Port Helena*. At si Lia ang nagpasok kay Brian sa *The Aegean Isle*.

“It’s not that I’m complaining,” sabi ng kaibigan niya. “Pero

nahihirapan na akong gumitna sa inyo. Kaibigan kita at kaibigan ko din siya.”

She looked at Lia with an apologetic facial expression but she said nothing. Hindi niya kasi maaaring ipangako rito na magiging friendly siya sa binata, dahil malabong mangyari iyon.

Simply because the history between her and Brian was far too great and far too complicated.

“Wake up, my spoiled little princess.”

Nagising si Addy sa malambing na tinig na iyon. Nang idilat niya ang mga mata ay nakita niya ang guwapong mukha ng kapatid na si Andy.

Naramdaman niya ang kalabutan ng kanyang Berkshire Serasoft comforter sa kanyang balat, pero inalis niya iyon upang tingnan ang alarm clock na nakapatong sa bedside table. It flashed twelve o'clock midnight. Exactly her birthday.

“Happy Birthday, Sis!” maligayang bati nito.

“Thank you, Big Bro,” aniya nang yakapin ito. Tulad nga nang sinabi ng kuya niya, she was a spoiled little princess. Kaya hindi na siya nagpatumpik-tumpik nang hingin niya ang regalong hiniling dito. “Where’s my Jimmy Choo?”

“Here’s your not so surprise gift,” Andy joked.

Iniabot nito sa kanya ang dalawang boxes. Sigurado siyang isa roon ang Jimmy Choo studded platforms na talagang hiningi niya rito, ngunit ang pangalawang box ay hindi niya alam kung ano ang laman.

Excited siya nang buksan ang surprise gift nito. Nanlaki ang kanyang mga mata nang tumambad sa kanyang paningin ang Chloé handbag na gusto rin niya dahil na-a-accentuate niyon ang sapatos na hiningi niya sa kuya niya.

She screamed her thanks and hugged her brother again.

That was the best thing about being the last child and having a big brother as her only sibling. Itinuturing siyang prinsesa. At kahit wala siyang trabaho, sa edad niyang twenty-two ay hindi issue dahil lahat ng gusto niya ay ibinibigay ng mga magulang at kapatid.

“Go back to sleep, Brat,” he commanded. “Alam kong mayroong nakaplano na birthday party ang socialite friends mo. You need your beauty rest.”

Muli niya itong niyakap pagkatapos ay sinunod ito. Itinabi niya sa higaan ang mga regalo nito. “Thank you, Kuya,” nakangiting sabi niya habang ikinukumot sa sarili ang comforter.

Pinatay ni Andy ang ilaw sa kanyang silid bago lumabas.

Tama ito, may nakaplanong birthday party para sa kanya ang mga socialite friends niya na pinangungunahan ni Nikki Gatchalian,

who was the ultimate socialite and party girl. Sigurado siyang hindi niya makakasama ang kanyang mga magulang sa araw na iyon dahil kilala si Nikki na kung magtapon ng party ay inaabot ng ilang araw.

But she would be very happy with her friends, right? At iyon ang importante para sa pamilya niya—ang maging masaya siya. Hindi niya kailangang ma-guilty, di ba?

Naramdaman ni Addy ang isang kamay na inuga-uga ang kanyang balikat. “Bar girl, wake up!” Mula sa second deck ng bunk bed ay bumaba ang cabinmate niyang si Marieta at naupo sa gilid ng kanyang kama para gisingin siya.

Napabalikwas siya ng bangon at muntik na maumpog sa frame ng bunk bed kung saan siya nakahiga.

“Such a bad dream?” tanong nito na halatang inaantok pa. “You okay?”

Tumango siya kahit pa hindi naman talaga siya okay.

“You were shouting names like Jimmy and Andy,” pagbibigay-alam nito.

“Jimmy and Andy?” Napahugot siya ng malalim na buntong-hininga dahil sa pagkakaalala ng mga bagay na iyon. It was only a dream, after all. Ang akala niya ay muling bumalik sa normal ang buhay niya.

“You must miss them a lot,” ani Marietta na tila alam nito

ang lugar nina Jimmy at Andy sa buhay niya.

Isang malungkot na tango ang ginawa niya. “Yeah, a lot,” sang-ayon na lamang niya para maputol na ang usapan.

“All right, you go back to sleep, bar girl.” Masuyo nitong tinapik ang kanyang binti pagkatapos ay umakyat na sa kama nito.

Isang malalim na buntong-hininga ang muling kumawala mula sa kanyang dibdib. Na-mi-miss niya si *Jimmy Choo*. Pero higit sa lahat, na-mi-miss niya ang Kuya Andy niya. Pero masyado silang malayo sa mga sandaling iyon. Wala na siyang nagawa kundi isipin at iyakan na lamang niya ang mga bagay na na-mi-miss niya.

Patakbong tinungo ni Addy ang *Scion Bar*.

Late na siyang nagising dahil hindi siya masyadong nakatulog nang nakaraang gabi.

Mula nang gisingin siya ni Marieta ay matagal bago siya dinalaw ng antok. Nang pumikit naman siya ay kinailangan na kaagad niyang dumilat para mag-report sa trabaho.

Hindi pa siya nakakain buong magdamag. Hindi na rin siya nakapaglagay ng makeup. Wala siyang ibang nagawa kundi ang mag-isip hanggang sa kailanganin na niyang ihanda ang sarili para sa paghahanap-buhay.

Humahangos siya sa employees' entrance ng bar para mag-time in, ngunit bago niya mahawakan ang pinto ay bumukas iyon.

Sumigaw si Brian nang tumambad ito sa kanyang paningin na kunwa'y nagulat at natakot sa kanya.

“Funny, Brian. Very funny!” Alam niyang nagbibiro lang ito dahil halatang pinipigilan nito ang pagngiti. “Glad to know your immaturity is increasing on a daily basis.”

Ikinibit nito ang malapad nitong balikat na tila sumang-ayon sa sinabi niya. “Ano'ng nangyari sa iyo, Nolasco? Naubusan ka na ba ng concealer kaya't hindi mo natakpan 'yang eyebags mo na kasing-laki ng Mindanao?” puna nito nang pag-aralan ang kanyang mukha. “Para kang a-attend sa Halloween party.”

Tiningnan niya ito nang masama. “Why don't you just mind your own business?”

“Gustuhin ko man, Nolasco,” anito, “kaya lang nakaka-distract ang eyebags mo.”

“Grow up, Brian!” madiin niyang sabi habang sinusubukan na lampasan ito. “Male-late na ako. At hindi ko masisikmurang ma-late nang dahil sa pakikinig sa walang-kuwentang bagay na sinasabi mo.”

“Huwag mong takutin ang mga customers natin,” patuloy pa rin nito sa pang-aasar. “Just a little concealer under those eyes would do.”

Hindi na niya napigilan ang pag-alpas ng matinding pagkainis sa binata. Gutom siya, puyat siya at male-late na siya kung kaya hindi na niya nagawang palampasin ang mga sinasabi nito. Muli niyang hinarap ito.

“I dreamt of Jimmy and Andy, okay?” halos pasigaw na niyang sabi rito. Ramdam niyang namumula na ang kanyang mga mata dahil sa frustration at malamang dahil na rin sa lungkot. “So, back off, Brian! Kahit ngayon lang, okay?”

Hindi ito nagsalita. Parang na-guilty ito nang marinig sa kanya ang dahilan ng pangingitim ng mga mata niya. Tumingin ito sa kanya nang mataman.

“I’m sorry, Addy. Hindi ko alam na ganoon pala,” anitong sumeryoso. “Okay ka na ba?”

“Mukha ba akong okay sa iyo?” asik niya.

Nagyuko ito ng ulo at tila pinagsisihan ang pangloloko sa kanya kani-kanina lang. Ginamit niya ang pagkakataong iyon para iwan ito upang harapin niya ang trabaho.